

Update sa COVID-19 – ika-3 ng Pebrero 2021

ANONG BAGO?

Narito ang buwanang update sa Covid-19 ngayong Marso. Kasunod ng pangunahing balita, ilalahad ko sa inyo ang isang pahayag na naglalarawan sa mga paggalaw para sa programa ng bakuna sa Covid-19 na magsisimula sa ika-8 ng Pebrero 2021.

PAGSUSURI SA KEMH

- Kabuuang dami ng swab tests na naisagawa at naproseso sa ngayon: Anim na libo, walong daan at pitumpu't walo (6,878)
- Kabuuang dami ng swabs na nakuha ngunit di pa nasusuri: Wala (0)
- Kabuuang dami ng positibong resulta simula noong ika-3 ng Abril 2020: Apatnapu't lima (45)
- Dami ng kasalukuyang positibong resulta sa loob ng isla: Siyam (9)

Sa kasalukuyan ay may siyam na indibidwal ang nag-positibo para sa Covid-19, at lahat sila ay nasa quarantine o nasa *self-isolation*. Isang tao ang dinala sa KEMH para sa suportang medical. Kasunod nito, pinag-aralan ng KEHM ang mga klinikal na proseso at mga kasanayan upang masiguro na mas maraming pag-iingat ang nasa lugar hangga't maaari; ito ay ang mga sumusunod:

- Ang KEMH ay may hiwalay na mga tauhan na nagtatarabaho sa mga lugar sa loob ng ospital na *hot* at *cold* at sinusubukan na hindi magpang-abot sa pagitan ng mga lugar na ito.
- Ang mga tauhan sa *hot* ay binibigyan ng *lateral flow testing* kada tatlong araw at nagsasagawa ng *social distancing*.
- Ang lahat ng kawani ay nagsusuot na ng *masks* sa kasalukuyan, kahit saan man sila sa KEMH nagtatrabaho.
- Ang ibang mga klinika ay maaaring makansela o mailipat dahil sa mga pagbabago mga kawani ng klinika at para masiguro na may sapat na tao sa mga lugar na *hot* at *cold* sa loob ng ospital.

Ang mga hakbang na ito ay inilagay bilang pag-iingat at hindi dapat ikabahala. Ang ospital ay patuloy na pinabubuti upang masiguro na ito ay ligtas na nasa operasyon at ang pagsasagwa ng programa sa bakuna sa susunod na linggo ay hindi maantala dahil sa mga pagbabagong ito.

PAALALA SA MGA MAY SAKIT

Bilang isang napapanahon na paalala na tayo ay dapat na patuloy na mapagbantay patungkol sa pagkakasakit, hinihiling ng KEMH na bantayang maigi ang mga sintomas ng Covid-19, tulad ng:

- Isang bago o lumalalang ubo

- Mataas na temperatura
- Naghahabol sa paghinga
- Namamagang lalamunan
- Pagbahing o pagkakaroon ng sipon
- Pansamantalang pagkawala ng panlasa o pang amoy

Kung ikaw ay may sakit na nakakahawa, hinihiling ng KEMH na sila ay tawagan sa numerong 28000 ngunit **HUWAG** pumunta sa ospital at ang miyembro ng staff ay magbibigay ng abiso sa iyo gamit ang telepono. Pinapaalalahan din ang lahat na magpatuloy sa pagsasagawa ng mabuting kasanayan sa kalinisan tulad ng madalas na paghuhugas ng kamay, at kung ikaw ay babahing o uubo, gawin ito sa pagbahing sa iyong braso o sa isang tisyu at itapon ito pagkatapos.

MGA PANGANGAILANGAN SA QUARANTINE

Bilang paalala, ang ating mga hakbang sa quarantine ay sinusuri kada apatnapu't dalawang (42) araw, na nakalinya sa mga pangangailangan ng *infectious Diseases Regulations 2020*. Sumailalim na tayo sa ating ika-limang pagsusuri na kung saan kasama dito ang detalyadong pagsusuri ng mga lokal na plisiya, pandaigdigang sitwasyon, at ang ating mga koneksiyon sa mga apektadog bansa, at ang pinakabagong ebidensya at datos sa pampublikong kalusugan.

Inaprubahan ngayong araw ng ExCo ang isang bagong takda ng mga regulasyon sa quarantine, na magiging epektibo sa ika-8 ng Pebrero, na ibig sabihin ay ito ay ilalatag sa mga taong paparating sa Falkland Islands simula ika-15 ng Pebrero. Ang sapilitan na pangangailangan ay ang pagsasagawa ng quarantine sa loob ng labingapat (14) na araw ay nasa lugar pa rin, gayunpaman, ayon san a-update na lehislyon ay magbabawal na sa mga tao na makibahagi ng kaparehong tirahan sa kahit sinuman habang sila ay nasa panahon ng quarantine, maliban na lamang kung lahat ng nasa tirahan ay magsasagawa ng quarantine sa parehong panahon. Dati ay pinapayagan ang mga mga tao na magsagawa ng quarantine sa iisang tirahan, basta sila ay manatiling nakahiwalay.

Ang bagong gabay ay makikita sa FIG website, pumunta sa <https://fig.gov.fk/covid-19/quarantine>.

POLISIYA SA MGA HINDI MAHAHALAGANG BISITA

Napagkasunduan din ng ExCo na baguhin ang polisiya sa mga hindi mahahalagang bisita, na kung saan tinanggal ang mga *conservation* at *environment specialists* bilang isang hiwalay na kategorya. Ang pagbabago na ito at sumisiguro na yaong mga espesyalista na may tunay na Gawain ay maaaring pumasok sa isla at para maiwasan ang hindi pagkakaunawa sa nasabing kategorya. Mananatili ang polisiya na to hanggang sa hindi lalampas sa ika-31 ng Marso 2021. Layunin ng mga pagbabagong ito na higgitan pa ang mga pangangailangan upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko, lalo na sa balitang may mga bagong uri ng coronavirus na kumakalat sa loob ng UK.

UPDATE SA PANDAIGDIGANG AIRLINKS

Katulad ng unang inanunsyo noong ika-1 ng Pebrero 2021, ang mga komersyal na *airlinks* sa Chile at Brazil ay mananatiling suspendido sa karagdagang tatlong buwan hanggang ika-29 ng Hunyo 2021. Kasunod ito ng mahigpit na pag-aaral ng mga kasalukuyang kaganapan na dulot ng pandaigdigang pandemya, partikular na ang paghihigpit sa mga biyahe, kontrol sa mga pandaigdigang hangganan at ang paglabas ng mga bagong uri ng coronavirus. Ang sitwasyon ay susuriing muli at ang kahot na anong pagbabago o kaganapan ay ilalathala sa publiko sa tamang panahon.

PAG-ACCESS SA MPC

Kasunod sa mga naunang dalawang anunsyo patungkol sa paghihigpit sa pag-access sa MPC, kasunod ng mga balitang dalawang kliniko ay nag-positibo Covid-19, karagdagang *contact tracing* at pagsusuri ang isinagawa. Pagkatapos nun ay may pangatlo at pang-apat na mediko opisyal, na ngayon ay nasa isolation na, ay lumabas rin na positibo. Napagalaman base sa *track ang tracing* ng dalawang bagong kaso na ito ay nakipagugnayan sa isang residente mula sa Stanley, pero nagtatrabaho sa MPC. Ang residente na ito at ang kanyang kasambahayan ay nag-negatibo sa Covid-19, ngunit bilang pag-iingat, ay inilagay rin sila sa isolation.

Ibig sabihin nito ay ang pagbibyahe papunta at pamula sa MPC* ay hindi dapat isagawa maliban na lamang kung ito ay importante. Hindi dapat ilagay ng mg tao ang kanilang sarili sa panganib at makipagugnayan sa kanilang mga employers para malimitahan ang kanilang paggalaw sa loob at labas ng MPC hangga't maaari. Kasama na dito ang Mount Pleasant Airfield, Mount Pleasant head Quarters, RADCON, East Cove Military Ports (Mare Harbour Point) at mga lugar sa bundok.

UPDATE MULA SA FISHERIES

Panghuli, maaaring napansin ng mga tao na ang mga sasakyang pandagat ay nagsimula nang dumating sa Stanley Harbour bilang pagsisimula ng kanilang panahon ng panggingisda sa taong 2021. Importanteng tandaan, na bago ang kanilang pagpasok sa teritoryong pandagat ng Falkland Islands, ang bawat sasakyang pandagat at kailangang gumawa ng pormal na deklarasyong medikal na sila ay 'malinis'.

Ang depinisyon ng 'malinis' na sasakyang pandagat ay nangangahulugang sila ay dapat na matugunan ang mga sumusunod na kundisyon:

- Sila ay nakapagsagawa quarantine ng hindi bababa sa dalawang linggo sa dagat
- Sila ay walang miyembro ng *crew* na nagpapakita ng sintomas
- Sila ay walang aktibong kaso ng Covid-19 sa barko

Ibig sabihin lamang nito na ang lahat ng sasakyang pandagat na kasalukuyang nasa harbour, o ang mga paparating sa mga susunod na linggo ay mayroon 'malinis' na *crew* sa loob ng barko. Ang sinumang miyembro ng *crew* na tatapak sa lupa, na andito lamang upang magsagawa ng pagsasanay para sa kaligtasan, ay aalalayan mula sa barko papunta

sa Town Hall at pabalik. Titignan din ang kanilang temperature bago sila umalis sa sasakyang pandagat at magsusuot ng kanilang mga mask sa buong proseso.

Karagdagan dito, ang pagsasayos ng lisenysa at pag-inspeksiyon sa mga sasakyang pandagat ay isasagawa sa normal na pamamaraan ngunit, kung hihilingin, ang mga pagsasaayos ay isasagawa ng malayuan o *remotely*.

Ang susunod na buwanang update para sa Covid-19 dito sa Falkland Islands ay sa ika-3 ng Marso 2021.